



BULLETIN NG PAGIGING HANDA SA EMERHENSIYA

KALIGTASAN SA PANAHOON NG TAGSIBOL • ABRIL 2026

Kaligtasan sa Tsunami sa Panahon ng Tagsibol

Ang tsunami ay isang grupo ng napakalalaking alon sa karagatan. Nangyayari ang mga ito kapag biglang nagyanig ang lupa sa ilalim ng tubig, kadalasan tuwing may lindol. Tinatawag ng ilang tao ang mga ito na “mga tidal wave,” ngunit hindi iyon tama. Ang mga tide ay nagmumula sa buwan. Ang mga tsunami ay nagmumula sa mga lindol.

Ang panahon ng tagsibol ay simula ng panahon ng pagpunta sa dalampasigan sa California, kaya magandang panahon ito upang matutunan ang tungkol sa kaligtasan sa tsunami. Nakakatulong ito upang manatiling ligtas ang lahat kapag bumibisita o naninirahan sa baybayin. Ang “baybayin” ay anumang lugar na matatagpuan sa o napakalapit sa gilid ng isang karagatan.

Karamihan sa mga tao sa California ay nakatira sa mga lugar na ligtas na mula sa mga tsunami. Tanging ang mga taong nasa mismong baybayin o nasa mga itinalagang tsunami zone lamang ang kailangang lumikas patungo sa mas mataas na lugar kapag may babala.

Kung ikaw ay nasa dalampasigan, may tatlong likas na babalang dapat antabayanan:



1. NAKAKARAMDAM NG LINDOL
2. NAKIKITANG HUMUHUGOT PAATRAS ANG DAGAT SA NAPAKABABANG LOW TIDE
3. O NAKAKARINIG NG MALAKAS NA UGONG NA PARANG TREN NG KARGAMENTO NA NAGMUMULA SA TUBIG

Kung napansin mo ang alinman sa mga ito, pumunta kaagad sa mataas na lugar. Sundin ang anumang mga tagubilin ng mga lokal na opisyal at manatiling malayo sa dalampasigan hanggang sabihin nilang ligtas na.

Tuwing panahon ng tagsibol, idinaraos ng California ang **Linggo ng Kahandaan sa Tsunami**. Ito ay isang magandang paraan upang matutunan ang tungkol sa mga lugar na may panganib ng tsunami at kung ano ang dapat mong gawin. Maaari kang magparehistro at makahanap ng mga mapagkukunan sa [The Tsunami Zone \(tsunamizone.org\)](https://tsunamizone.org).

Nakakatulong din para sa maraming tao ang maikling video na [“Sue Nami” na na ito sa YouTube](#). Ipinapaliwanag nito ang kaligtasan sa tsunami sa isang magiliw at kasiya-siyang paraan.



Pinadaling Pagpapadala ng Mensahe sa Emerhensya

Maaaring nakakalito ang mga alert na pang-emerhensya, ngunit ginawa ang mga ito upang sabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin ngayon. Ang mga Wireless Emergency Alert (WEA) ay malalakas na mensaheng lumalabas sa iyong cellphone tuwing may mga emerhensya. May iba't ibang uri ng mga alert:



PAUNAWA (ADVISORY)

- Ang alert na PAUNAWA ay nangangahulugan na may nangyayaring dapat mong malaman, ngunit hindi pa ito delikado sa ngayon.
- Isipin: “Kailangan ko nang magbigay-pansin ngayon.”
- Ang mga halimbawa ng mga pagkakataon kung kailan maaaring magkaroon ng “Alert na Paunawa” ay malalakas na hangin o masamang kalidad ng hangin.



ANTABAYANAN (WATCH)

- Ang alert na ANTABAYANAN ay nangangahulugan na may mga palatandaan na may mangyayaring mapanganib.
- Hindi pa ito nangyayari.
- Isipin: “Maghanda para sa posibleng panganib.”
- Halimbawa: ang *Antabayanan ang Tungkol sa Tsunami* ay nangangahulugang maaaring dumating ang mga alon mamaya.



BABALA (WARNING)

- Ang alert na BABALA ay nangangahulugang may panganib na nangyayari na ngayon o mangyayari sa lalong madaling panahon.
- Isipin: “Kumilos na ngayon upang protektahan ang sarili ko.”
- Halimbawa: ang *Babala ng Tsunami* ay nangangahulugang dapat kang agad na lumipat sa mataas na lugar.



MGA UTOS NG PAGLIKAS O PAG-SHELTER


- Ang alert na PAGLIKAS o PAG-SHELTER ay nangangahulugan na kailangan mong sundin ang sinasabi ng alert, tulad ng pag-alis sa lugar o pananatili sa loob.
- *Utos ng Paglikas*: lumikas na ngayon at sundin ang mga tagubilin ng mga lokal na opisyal
- *Manatili sa Lugar*: manatili sa loob ng bahay at isara ang mga bintana at pinto.



Listahan ng Gagawin para sa Kaligtasan sa Panahon ng Tagsibol

Kapag iniaabante natin ang ating mga orasan tuwing tingnan suriin ang mga bagay na pangkaligtasan sa bahay.


- Ito ay isang magandang pagkakataon upang subukan ang iyong mga smoke alarm at carbon monoxide alarm upang matiyak na gumagana ang mga ito. Ang pagsubok ng iyong mga alarm tuwing panahon ng tagsibol ay tumutulong upang mapanatiling ligtas ang lahat.
- Ang panahon ng tagsibol ay isang magandang panahon din upang tingnan ang iyong mga suplay sa emerhensya Tingnan kung may mga nag-expire na pagkain, tubig, o gamot, at palitan ang anumang lipas na sa petsa. Ang pagpapanatiling bago ng iyong mga suplay ay nakakatulong sa iyong maging handa para sa iba't ibang uri ng emerhensya.
- Kung wala ka pang emergency kit, ngayon ang tamang panahon para gumawa nito. Makakatulong sa iyo ang isang kit kung kailangan mong manatili sa bahay sa panahon ng emerhensya o umalis agad. Mahahanap mo ang simpleng gabay para bumuo ng "Stay Kit" o "Go Bag" sa: www.ready.gov/kit



Ang maliliit na hakbang na ito ay aabutin lamang kaunting panahon, at nakakatulong ang mga itong mapanatili kang ligtas at ang mga mahal mo sa buhay sa buong taon.

Alamin Pa Mula sa mga Opisyal na Pinagkunan

- NOAA/National Weather Service – [Paliwanag sa Watch \(Antabayanan\), Warning \(Babala\), at Advisory \(Paunawa\)](#)
- FEMA Ready.gov – [Gabay sa Paglikas](#)
- FEMA Ready.gov – [Gabay sa Pananatili sa Lugar](#)



I-bookmark sa iyong browser ang aming Webpage sa Pagiging Handa sa Emerhensya!



QR Code ng Indibidwal (dds.ca.gov)



QR Code ng Tagapagkaloob ng Serbisyo (dds.ca.gov)